JANUARY
Makugihon
FEBRUARY
Mahigugmaon
MARCH
Matinabangon
APRIL
Matinahuron
MAY
Mahapsay og Malimpyo
JUNE
Maabtik og Musunod sa Insakitong Oras
JULY
Maantigo og Maabilidad
AUGUST
Maginhawahunaon para sa Uban
SEPTEMBER
Madaginoton
OCTOBER
Matinud-anon
NOVEMBER
Masaligan
DECEMBER
Maalampuon

Republic of the Philippines
Department of Education
Regional Office IX, Zamboanga Peninsula

Zest for Progress
Zeal of Partnership

4

# Filipino

## Ikatatlong Markahan- Modyul 5:

## Magagalang na Pananalita



Pangalan: ______________________________________

Baitang at Seksyon: ____________________________

Paaralan: ______________________________________

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Honoria Maryola O. Agum

**Editor:** Lindo O. Adasa, Jr.

**Tagasuri:** Honoria Maryola O. Agum, Julieta H. Tibon, Roderick R. Luna
Jephone P. Yorong Ed.D.

**Tagaguhit:** Jezebel S. Boquida

**Tagalapat:** Peter A. Alavanza

**Tagapamahala:** Felix Romy A. Triambulo, CESO V
Oliver B. Talaoc, Ed.D.
Ella Grace M. Tagupa, Ed. D.
Lindo O. Adasa, Jr.
Jephone P. Yorong, Ed.D.



# Alamin

Pagkatapos mong isagawa ang modyul na ito, inaasahang maipamalas mo ang sumusunod na kaalaman, kakayahan at pag-unawa:

Nagagamit sa pagpapahayag ang magagalang na salita sa hindi pangsang-ayon , pakikipag-argumento o pakikipagdebate **(F4PS-IIId12.13, F4PS- IIIf12.14)**



# Balikan

**I. Panuto:** Basahin at unawaing mabuti ang editoryal na nasa ibaba. Pagkatapos, sagutan ang sumunod na gawain. Itambal ang detalye sa Hanay A sa mga detalye sa Hanay B upang mabuo ang kompletong detalye sa bawat bilang. Isulat lamang ang titik ng tamang sagot sa linya bago ang bawat bilang.

**'FLATTENING THE CURVE'**

Mahalagang mga kataga ang "flattening the curve" sa tugon ng mga bansa sa pandemyang coronavirus disease 2019 (Covid-19). Ilang buwan pa lang mula nang ideklara ng World Health Organization na may pandemya, naisagawa na ng ibang bansa ang pagpatag sa sinasabing kurba. Naging kritikal ang tugon ng gobyerno at mga mamamayan sa mga naturang bansa para matagumpay itong maisagawa. Ang iba sa mga ito'y dumaranas na ng ikalawa o ikatlong "wave" ng pagkalat kung kaya't panibagong pagsisikap upang maampat ito.

Sa Pilipinas, hindi pa malinaw kung flattened (napatag) na ba o hindi ang kurba ng Covid-19. Iba-iba ang opinyon ng mga eksperto hinggil dito. Medyo masalimuot.

Kamakailan, sinabi ni Dr. Guido David, bahagi ng mga mananaliksik ng UP OCTA Research, "flattened" na umano ang curve sa bansa. Naging batayan ng naturang eksperto ang pagbaba sa isang porsiyento ng reproduction number ng virus nang ilabas ang kanilang datos noong unang linggo ng Setyembre. Aniya, mula sa 4,000 na average na kaso kada araw bumaba na umano ito sa 3,000.

Pero mahirap paniwalaang naampat na ang pagkalat ng Covid-19. Lalo pa't pumalo nang muli sa halos 4,000 ang arawang kaso ng sakit. Higit pa, di maitatatwa ang palpak na tugon sa pandemya ng administrasyong

Duterte. Kaya imbes na “flattening” the curve, tila naging “flattening” pa nga ang nangyayari.

Halos pitong buwan na ang kuwarantina na ipinataw ng gobyerno. Sa kabila nito, wala pa rin itong malinaw na plano sa pagsugpo sa pandemya – walang masaklaw at komprehensibong paglulunsad ng testing sa mayorya ng populasyon, walang maayos na contact tracing sa mga posibleng nahawaan ng sakit, walang wastong isolation (paghihiwalay) sa mga nagtataglay o posibleng nagtataglay ng sakit, at tuluy-tuloy na ayudang pinansiyal at iba pang tulong sa mga naapektuhan ang kabuhayan.

Kung susundan ang mga pahayag ni Pangulong Duterte mula Abril, tila ang plano nito'y magmakaawa sa dayuhang mga bansa, tulad ng Tsina, Rusya at Estados Unidos (US), para sa bakuna kahit pa ang kapalit nito'y pagbenta ng mga pampublikong ariarian at pagsuko ng pambansang soberanya. Sinabi ni Duterte na gusto niyang mauna sa bakuna ng Rusya, habang palaging ineendorso ang Tsina na aniya'y umaabante sa pananaliksik kaugnay nito. Iyung pag-aabsuwelto naman kay Joseph Scott Pemberton, Amerikanong sundalo na pumatay sa kababayan nating si Jennifer Laude noong 2014, ginawa raw ni Duterte para mabigyan din ng US si Duterte ng bakuna.

Samantala, habang hinihintay na makakuha ng bakuna, pagpapatupad lang ng mga stop-gap na mga solusyon tulad ng pagpapasusuot ng face shield, “pagpapaganda” ng Manila Bay gamit ang dolomite upang maging “masaya” umano ang mga mamamayan, pana-panahong lockdown at iba pa na nagpapahirap at pumeperwisyo sa ordinaryong mga mamamayan.

Makailang ulit nang binilog ng gobyerno ang isip ng tao para ipamaraling nasa kontrol nito ang sitwasyon. Noong Hulyo, sinabi ni Health Sec. Francisco Duque III na napatag na ang kurba at nasa ikalawang “wave” na ang pagkalat ng sakit; sa kaparehas na buwan ipinagbunyi ni presidential spokesperson Harry Roque na “nanalo” umano ang mga mamamayan laban sa prediksiyon ng UP na aabot sa 50,000 kaso sa katapusan ng Hulyo; gayundin ang makailang ulit at kaduda-dudang pagbabago sa kategorya ng Department of Health hinggil sa datos ng mga kaso ng infected at recovered ng Covid-19.

Walang pagtatalo na hangad ng lahat na mapatag na ang kurba upang tumungo sa pag-ampat ng pagkalat ng sakit hanggang sa tuluyang mawakasan na ang pandemya. Maliban na lang marahil sa mga nais gamitin ang pandemya para sa kanilang pakinabang. Kung sa kanilang kaso, hindi toto o ang “flattening the curve” – sa gitna ng pandemya lalong bumibilog ang kurbada ng kanilang tiyan at bulsa.

**A**

_____1. Mahalagang mga kataga ang "flattening the curve" sa tugon ng mga bansa sa pandemyang ___________.

_____2. Kumakailan, sinabi ni __________, bahagi ng mananaliksik ng UP OCTA Research, flattened na umano ang curve sa bansa.

_____3. Halos ____________ na ang kuwarantina na ipinataw ng gobyerno.

_____4. Sinabi ni Duterte na gusto niyang mauna sa bakuna ng __________, habang palaging ineendorso ang Tsina na aniya'y umaabante sa pananaliksik nito.

_____5. Noong Hulyo, sinabi ni Health Sec. _______ na napatag na ang kurba at nasa ikalawang "wave" na ang pagkalat ng sakit.

**B**

A. Francisco Duque II

B. Rusya

C. Dr. Guido David

D. Coronavirus Disease 2019


E. pitong buwan

| Aralin 1 | Magagalang na salita sa hindi pagsang-ayon, pakikipag-argumento o pakikipagdebate |
|---|---|



# Tuklasin

Basahing mabuti ang sumusunod na halimbawa ng isang debate. Pagkatapos , sagutin ang pag-usapan natin.




**Debate:**
**Isyu : Pagsuot ng Face Shield : Dapat bang gawing sapilitan?**

Moderator : Magandang araw po sa ating lahat. Ang paksa na tatalakayin natin ngayon ay tungkol sa pagsusuot ng "face shield" at kung ito ba ay dapat gawing sapilitan o hindi. Tawagin natin ang unang tagapagsalita.

Unang Tagapagsalita ( sang-ayon ): Magandang umaga po sa ating lahat. Para po sa akin ang face shield ay lubhang napakahalaga ngayong panahon ng pandemic. Isa sa mga pakinabang ng pagsuot ng face shield ay ang pagprotekta sa buong mukha pati na ang mata, ilong at bibig na siyang pasukan ng nakakahawang sakit na dala ng Covid-19. Naniniwala po ako na lahat ng tao sa mundo sa panahon ito ay kailangang magsuot ng face shield upang mapigilan ang hawaan.

Ikalawang Tagapagsalita (salungat): Magandang umaga po sa aking katunggali. Pwede po bang pakinggan ninyo ang aking opinyon? Totoo ang iyong sinasabi na mahalaga ang pagsuot ng face shield. Para po sa akin hindi sa lahat ng panahon kailangan ng face shield ang lahat ng tao dahil may mga sitwasyong mahirap magsuot ng face shield tulad ng pagmamaneho ng motorsiklo o nakaangkas sa isang motorsiklo. Naging sagabal para sa isang driver na nagsusuot ng face shield habang nakasuot naman ng helmet. Dahil dito, naniniwala po ako na hindi dapat gawing sapilitan ang pagsuot ng face shield. Kung kaya, iminumungkahi ko po na pipiliin na lamang ang mga lugar o okasyon kung saan dapat isuot ng face shield.

Unang Tagapagsalita ( Sang-ayon) : Ipagpaumanhin nyo po ngunit ang aking opinyon ay dapat talagang gawing sapilitan ang pagsuot ng face shield sa dahilang ang covid -19 ay lubhang nakakahawa lalong lalo na kung ang driver ay humahatsing o umuubo.

Ikalawang Tagapagsalita (salungat): Kagalang galang na tagapagsalita, sana naman po ay makikita natin na hindi sa lahat ng pagkakataon ay nakakatulong ang pagsusuot ng face shield. Halimbawa, ang mag-asawa o mga kasama sa iisang bahay ,bakit kailangan pang magsuot pa sila ng face shield kung nakaangkas sila sa kanilang motorsiklo? Ito po ang aking katayuan , hindi ako sang-ayon.

Pag-usapan Natin:

Panuto: Batay sa nabasang talata, isulat ang iyong sagot nakalaang linya.

1. Tungkol saan ang debate?

   ______________________________________________

2. Batay sa debate, ano ang paninindigan ng sumang-ayon?

   ______________________________________________

3. Ano naman ang paninindigan ng di-sumang-ayon?

   ______________________________________________

4. Pansinin ang mga magagalang na pananalita na ginagamit sa debate,   anu-ano ang mga ito?

_______________________________________________________________

5. Bilang isang bata at mag-aaral, anu-ano ang magagalang na pananalita ang inyong gagamitin sa pagsali sa isang usapan?

_____________________________________________________________________



# Suriin

Panuto: Piliin sa loob ng kahon ang magagalang na pananalita na ginamit sa debate. Bilugan ang titik ng tamang sagot.

| |
|---|
| A. Pwede po bang pakinggan ninyo ang aking opinyon? |
| B. Hindi ako sang-ayon. |
| C. Magandang umaga po sa aking katunggali. |
| D. Dapat gawing sapilitan ang pagsusuot ng face shield. |
| E. Ipagpaumanhin niyo po. |

**Alam mo ba?**

Ginagamit ang magagalang na pananalita sa pamamagitan ng pagsagot ng **po** at **opo** sa hindi pagsang-ayon,pakikipag-argumento o pakikipagdebate upang maipakita  ang wastong paggalang sa iyong kausap o katunggali at maiwasan ang di pagkakaunawaan sa isa't-isa. Lubhang mahalaga na maipahayag ng kausap ang kanyang hindi pagsang-ayon sa paraang hindi niya masasaktan ang damdamin ng kanyang kausap.  Ito ay magagawa lamang sa paggamit ng mga magagalang na mga salita.



# Pagyamanin

Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang mga pahayag. Lagyan ng tsek (√ )ang patlang kung nagpapakita ng paggalang at ekis(x) naman kung hindi.

________ 1. <u>Ipagpaumanhin po ninyo ngunit</u> ako ay hindi sang-ayon sa lahat ng iyong sinasabi.

________ 2. <u>Mali ka sa iyong sinasabi</u> . Ang aking opinyon ang tama.

________ 3. Mga kagalang-galang na katunggali, pwede po bang

pakinggan ninyo ang aking opinyon tungkol sa isyu.

________ 4. Pwede po bang inyong bigyang-halaga ang aking suhestiyon?

_________5. Ayokong makinig sa inyong opinyon.



## Gawain

Panuto: Iguhit ang ☺ kung ang pangungusap ay nagpapakita ng paggalang at ☹ kung hindi.

_______1.Talagang hindi kanais-nais ang iyong opinyon.

_______2. Naniniwala po ako na mas mahalaga na pakinggan ang desisyon ng nakararami.

_______3. Ako ay may naisip na mas magandang ideya kaysa sinabi mo.

_______4. Nagkakamali ka diyan sa sinasabi mo. Hindi ganyan ang tama.

_______5. Magandang hapon po sa inyong lahat. Ako po ay mayroong nais imumungkahi.



## Isaisip

Panuto: Buuin ang konsepto tungkol sa paggamit ng magagalang na pananalita.

| Ano ang iyong mga natutuhan sa paggamit ng magagalang na pananalita? | Sa anu- anong sitwasyon ginagamit ang mga ito? | Bakit mahalaga ang paggamit ng magagalang na pananalita? |
|---|---|---|
| | | |
| | | |
| | | |
| | | |
| | | |



# Tayahin

**Pagsubok 1**

Panuto: Basahin at unawain ang bawat pangungusap. Piliin ang tamang sagot na nagpapakita ng paggalang. Bilugan ang titik ng tamang sagot.

1. Sa isyung, dapat bang ipatutupad ang curfew sa lahat ng lugar para maiwasan ang paglaganap ng Covid-19, ano ang maaari mong sabihin kung ikaw ay hindi sang-ayon dito?

   A. Dapat sumunod tayo sa kautusan.
   B. Ipagpaumanhin po ninyo ngunit ako po ay hindi sang-ayon dito.
   C. Bahala na kayo sa sarili ninyo.
   D. Walang makakapigil sa akin, kung ayaw ko.

2. Bilang nasa oposisyon sa isyung pagpapatupad ng Face to Face Classes , Ano ang maaari mong sabihin sa iyung katunggali ?

   A. Di ako papayag sa opinyon ninyo.
   B. Hindi pa talaga pwede ang Face to face.
   C. Ako po ay di sumasang-ayon sa pagpapatupad ng Face to Face Classes.
   D. Bahala na kayo sa paninindigan ninyo.

3. Gusto mong magsalita sa isang debate, ano ang sasabihin mo?

   A. Tama talaga ang opinyon ko.
   B. Pakinggan ninyo ang paninindigan ko.
   C. Maaari po bang pakinggan ninyo ang aking opinyon?
   D. Maraming salamat po.

4. Gusto mong sagutin ang isang tanong ng iyong katunggali, ano ang dapat mong sabihin?

   A. Maaari po ba akong sumagot?
   B. Walang katotohanan ang mga sinasabi mo.
   C. Hindi ako naniniwala sa iyo.
   D. Ako naman ang magsasalita.

5. Bago magsimula ang debate, ano ang sasabihin ng bawat mananalita?

   A. Mawalang galang na po.Pakinggan naman ninyo ako.
   B. Makinig kayo sa sasabihin ko.
   C. Maraming salamat po.
   D. Magandang umaga po sa ating lahat.

**Pagsubok 2**

Panuto: Isulat sa sagutang papel ang **TAMA** kung ang sitwasyon ay nagpapakita ng paggalang at **MALI** kung hindi.

________ 1. May naisip ako na mas maganda kaysa iminungkahi mo.

________ 2. Hindi ko kailangan ang iyong opinyon.

________ 3. Ipagpaumanhin nyo po, hindi po ako sumasang-ayon dahil nakasasama po ito sa ating kalusugan.

________4. Tutol talaga ako sa iyong suhestiyon ninyo.

________ 5. Maaari po bang pakinggan ninyo ang aking opinyon?



## Karagdagang Gawain

Panuto: Unawaing mabuti ang bawat sitwasyon at pagkatapos isulat ang iyong ideya at reaksiyon kung sumang-ayon ka o hindi. Gamitin ang magagalang na pananalita sa pagpapahayag ng iyong ideya at reaksiyon.

1. Pagsusuot ng Face Shield
2. Pagpabakuna laban sa Covid-19
3. Pagbabawal sa mga Family Reunion
4. Paggamit ng iisang bolpen sa logbook
5. Pagkakaroon ng Face to Face Classes

# *Susi sa Pagwawasto*

**Balikan**

1. D
2. C
3. E
4. B
5. A

**Suriin**

A
C
E

**Pagyamanin**

1. ✓
2. X
3. ✓
4. ✓
5. X

**Tayahin**

Pagsubok 1

1. B
2. C
3. C
4. A
5. D

Pagsubok 2

1. MALI
2. MALI
3. TAMA
4. MALI
5. TAMA

**Gawain**

1. ☺
2. ☹
3. ☺
4. ☺
5. ☹

## *Sanggunian:*


Most Essential Learning Competencies (MELCs) F4PS-IIId12.13, F4PS-IIIf12.14

K to 12 Curriculum in Filipino 4 2016 F4PS- IIIf12.14

**Region IX: Zamboanga Peninsula Hymn – Our Eden Land**

Here the trees and flowers bloom
Here the breezes gently Blow,
Here the birds sing Merrily,
The liberty forever Stays,

Here the Badjaos roam the seas
Here the Samals live in peace
Here the Tausogs thrive so free
With the Yakans in unity

Gallant men And Ladies fair
Linger with love and care
Golden beams of sunrise and sunset
Are visions you'll never forget
Oh! That's Region IX

Hardworking people Abound,
Every valleys and Dale
Zamboangueños, Tagalogs, Bicolanos,
Cebuanos, Ilocanos, Subanons, Boholanos,
Ilongos,
All of them are proud and true
Region IX our Eden Land

Region IX
Our..
Eden...
Land...

## The Footprints Prayer

One night I had a dream. I dreamed that I was walking along the beach with the LORD.

In the beach, there were two (2) sets of footprints – one belong to me and the other to the LORD.

Then, later, after a long walk, I noticed only one set of footprints.

"And I ask the LORD. Why? Why? Why did you leave me when I am sad and helpless?"

And the LORD replied "My son, My son, I have never left you. There was only one (1) set of footprints in the sand, because it was then that I CARRIED YOU!

## Trees by Joyce Kilmer

I think that I shall never see
A poem lovely as a tree.

A tree whose hungry mouth is prest
Against the earth's sweet flowing breast;

A tree that looks at God all day,
And lifts her leafy arms to pray;

A tree that may in Summer wear
A nest of robins in her hair;

Upon whose bosom snow has lain;
Who intimately lives with rain.

Poems are made by fools like me,
But only God can make a tree.